**Reviewer Filipino 6**

Pangalan: ______________________________________________

**II. WIKA**

**A. Tukuyin kung anong bahagi ng pananalita ang inilalarawan sa bawat bilang. Piliin ang sagot sa kahon at isulat sa patlang ang sagot.**

| pang-uri | panghalip | pang-abay | pangngalan | pandiwa |
|---|---|---|---|---|

_______________1. salitang nagsasaad ng kilos o galaw

_______________2. salita o katagang panghalili sa pangngalan

_______________3. nagbibigay-turing sa pandiwa, pang-uri o kapwa pang-abay

_______________4. tumutukoy sa ngalan ng tao, bagay, hayop, lugar o pangyayari

_______________5. naglalarawan sa katangian, dami o bilang ng pangngalan o panghalip

**B. Suriin ang mga sumusunod na pangungusap. Isulat sa patlang kung ang salitang naglalarawan ay ginamit bilang <u>pang-uri</u> o <u>pang-abay</u>.**

_______________6. <u>Masayang</u> nakikiisa ang mga Pilipino sa pagsalubong ng Bagong Taon.

_______________7. Nakaugalian na ang paghahanda ng <u>masarap</u> na pagkain upang pagsaluhan ng mag-anak.

_______________8. <u>Maingat</u> na nagpapailaw at nagpapaputok ang iba bilang pagsasaya.

_______________9. Sinasabing nakapagtataboy ito ng <u>masamang</u> espirito.

_______________10. <u>Bagong</u> pag-asa ang dala ng Bagong Taon para sa lahat.

_______________11. Ang iba ay <u>masusing</u> nagpaplano ng mga bagay na nais baguhin sa susunod na taon.

_______________12. Ang pagiging <u>mabuting</u> tao ay dapat laging manguna sa listahan.

_______________13. <u>Sabay-sabay</u> natin salubungin ang parating na Bagong Taon.

**C. Suriin ang mga sumusunod na pangungusap. Tukuyin ang uri ng pang-abay na ginamit sa pangungusap. Isulat ang PR kung pamaraan, PM kung pamanahon, PL kung panlunan at I kung ingklitik.**

________14. <u>Malumanay</u> magsalita si Sister Carol.

________15. Kinausap niya ang mga bata <u>sa kalye</u>.

________16. <u>Masaya</u> niyang ibinalita ang pagkakaroon ng bahay para sa mga ito.

________17. Sinabi niyang <u>sa susunod na buwan</u> ay maaari na silang lumipat doon.

________18. Nagtitiwala sila kay Sister Carol dahil <u>maayos</u> siyang mamahala.

________19. Matagal <u>na</u> silang inaalagaan ng misyonerong madre.

________20. <u>Bukas</u> ay babalik si Sister Carol upang magdala ng mga pagkain.

LIVEWORKSHEETS

**D. Isulat sa patlang kung ang pang-abay sa pangungusap ay pang-agam, panang-ayon, pananggi o panggaano.**

________21. "**Huwag** kang sasama sa hindi mo kilala," ang mahigpit na bilin ni nanay sa anak.

________22. **Siguradong** maraming tao ang nasa *mall* ngayon kaya't mag-iingat tayo.

________23. **Marahil** ay namimili na sila ng mga panregalo para sa darating na kapaskuhan.

________24. **Talagang** pinaghahandaan ng lahat ang okasyong ito.

________25. **Dalawang oras** ang tinagal ni Marissa sa pamimili.

________26. **Tila** kulang pa rin ang mga nabili niyang panregalo.

________27. **Ayaw** na niyang bumalik sa *mall* sa susunod na lingo dahil tiyak na mas maraming tao.

**E. Salungguhitan ang pang-abay na bubuo sa diwa ng pangungusap at isulat sa patlang kung ito ay kondisyonal, kusatibo o benepaktibo.**

________________________28-29. Magkakaroon ng kapayapaan **(kung, upang, dahil)** ang bawat isa ay nagmamahalan.

________________________30-31. **(Dahil, para, kapag)** sa walang tigil na kaguluhan sa paligid, maraming inosenteng buhay ang nasasayang.

________________________32-33. Ano-ano ba ng dapat gawin **(kaya, upang, dahil)** matigil ang mga problema sa lipunan?

________________________34-35. Matuto tayong dumulog sa Maykapal **(para, kaya, kung)** tayo ay kanyang gabayan at bigyan ng liwanag ang isip ng bawat isa.

________________________36-37. **(Para, Dahil, Upang)** sa mga biktima ng karahasan at giyera, nawa'y gabayan sila ng Panginoon at bigyan ng lakas.

________________________38-39. Ang Diyos natin ay tunay **(sapagkat, kung, para)** nasasagot Niya ang ating mga panalangin.

________________________40-41. Simulan din natin ang kapayapaan sa ating mga tahanan **(kung, dahil, pagka)** ang lahat ay nagsisimula sa sarili.

________________________42-43. Magbigay tayo ng tulong **(sapagkat, para, kung)** sa mga mahihirap at nangangailangan.

________________________44-45. Ang kapayapaan ay hindi imposibleng makamit **(kung, dahil, sapagkat)** pahahalagahan natin ang bawat isang nilalang ng Panginoon.

LIVEWORKSHEETS